菲律賓文版 Tagalog Version

VOL. 76

Tiyaking Ligtas ang mga Operasyon ng Pagbubuhat Iwasan ang mga Aksidente sa Pagbubuhat

工作安全健康 Safety at work

1.




Bago magsimula ang anumang operasyon ng pagbubuhat, magsagawa ng komprehensibong pagtatasa ng panganib, isinasaalang-alang ang mga kondisyon ng lupa, ang bigat at sentro ng grabidad ng karga, katatagan ng crane, at ang kaligtasan ng nakapalibot na kapaligiran. Dapat ding ihanda ang isang plano ng pagbubuhat.



2.

Dapat bigyan ng espesyal na atensyon ang pagtiyak na ang ruta ng pagbubuhat ay walang mga sagabal at ang magkakapatong na mga sona ng pagbubuhat ay ligtas na pinamamahalaan. Halimbawa, mag-install ng mga sistemang anti-collision upang maiwasan ang mga banggaan sa pagitan ng mga tower crane na tumatakbo sa loob ng magkakapatong na mga lugar ng trabaho.





3.


Ang mga ligtas na pamamaraan sa pagtatrabaho ay dapat itatag at ang mga naaangkop na hakbang sa kaligtasan ay dapat ipatupad. Kabilang dito ang pag-barikada sa lugar ng pagbubuhat at pagpapakita ng mga babala, pagtatalaga ng mga Lifting Safety Supervisor, Signaller, at Slinger, paggamit ng mga tag line upang kontrolin ang mga nakabitin na karga, at pagsasagawa ng "3-3-3" na pamamaraan ng pagsubok na pagbubuhat bago ang operasyon ng pagbubuhat.

1 Tiyaking ang lahat ng tauhan ay nasa layong hindi bababa sa 3 metro mula sa lugar ng pagbubuhat.

2 Itaas ang karga nang 300mm mula sa lupa.


3 3 segundo

Hawakan ang karga sa posisyon nito sa loob ng 3 segundo upang matiyak na ito ay matatag at maayos bago magpatuloy sa pagbubuhat.



4.

Ang mga crane, wire rope at iba pang kagamitan sa pagbubuhat ay dapat sumailalim sa pang-araw-araw na inspeksyon, pana-panahong masusing eksaminasyon, at pagsubok at masusing eksaminasyon. Ang mga operator ng crane ay dapat may hawak na naaangkop na mga sertipiko ng pagsasanay at may sapat na praktikal na karanasan.



Occupational Safety & Health Council

Labour Department

Online OSH Complaint Platform
OSH Complaint Hotline
www.labour.gov.hk
2542 2172

"OSH 2.0" Mobile App